

MULA MAYNILA TUNGONG PARACALE: Ang mga Ekspedisyon ni Juan de Salcedo

Joan Tara R. Reyes, M.A. at Elle S. Lim
Archaeological Studies Program, U.P. Diliman

Limitadong Pagbabasa

Siya pag-aaral ng kahalagahan ng IBTL bilang batis ng kasaysayan, mahalagang tingnan ang kaugnayan ng mga lugar sa rehiyon na tinutukoy nito. Tatalakayin sa papel na ito ang pagtahak ni Juan de Salcedo (*cf.* Larawan 1) noong 1571 ng ruta mula sa Maynila papunta sa Paracale. Bagamat ilang daang taon ang layo ng pangyayaring ito sa panahong tinutukoy sa IBTL, makikita pa rin sa paglalakbay ni Salcedo ang ugnayan at kahalagahan ng mga bayan sa Lawa ng Laguna, sa kabundukan papuntang Quezon hanggang sa Paracale. Higit na mas maiintindihan ang papel ni G. Tiongson kung malalaman ang mga rutang sinundan ni Salcedo, ayon na rin sa paggabay ng mga katutubo.

Matapos masakop ang Cainta ni Salcedo noong 1571, binigyan siya ng pagkakataon ng kanyang lolo, na si Miguel Lopez de Legazpi, na sakupin ang mga bayan na nakapaligid sa Lawa ng Laguna na tinatawag na Dagat ng Bai.

Ang Paglalakbay

Bagamat hindi nakatitiyak kung saan sinimulan ni Salcedo ang kanyang paglalakbay, marahil ay nagsimula siya sa Cainta o sa Taytay. Sumakay siya ng isang *gailote* at 12ng *caracoa* papunta sa Bai na may layo na limang leguas. Inunang sakupin ang Bai sa pag-iisip na mas madaling makuha ang mga mas maliliit na pamayanan kapag nasukol na nila ito. Nang makuha na ang suporta ng Bai, pumasok na sa kabundukan ang mga Espanyol. Dito sila nakibaka sa iba pang mga pamayanan.¹



Larawan 1

Juan de Salcedo. Larawan mula sa <http://es.geocities.com/losconquistadoresespanoles/limahong.htm>

Sa pakikisalamuha ni Salcedo, mapayapa man o marahas, napag-alaman na may isang minahan na tinatawag na Paracale ang mayaman sa ginto. Dito siya nagka-interes na puntahan ang Paracale. Mapapansin na sa lugar na ito siya itinuturo ng mga katutubong Tagalog. Dahil dito, masasabi na may matibay na koneksyon ang mga Tagalog sa Laguna sa mga nagmimina sa Paracale. Mapapatunayan ito sa mga susunod na salaysay.²

Gayunpaman, lingid sa kaalaman ni Salcedo, kumakalat na sa rehiyon ang balita ng kanilang pagdating at pakikidigma.

¹ Gaspar de San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas* (1698). Isinalin ni Luis Antonio Maneru. San Agustin Museum, Manila: 1998, pah 563-567.

² *Ibid.*, pah. 569.



Larawan 2

“Hapa” sa Sambal o saging sa Tagalog (Madulid, 2001). Larawan mula sa http://www.lightsphere.com/photos/garden/banana_plant/p5.html

Majayjay na makipaglaban sa mga dayuhan at sa mga kasama nitong katutubo.⁴

Limitadong Pagbabasa

May kaalaman ang mga katutubong kasama ni Salcedo sa mga daanan kaya naman naituro sa kanila ang isa pang daanan papasok sa Majayjay. Dahil dito, nakapasok ang pangkat ni Salcedo at nasakop nila ang kuta ng mga Tagalog. Tulad ng dati, kinaibigan nila ang mga katutubo upang matulungan sila sa pagpunta sa Paracale.

Nanatili dito si Salcedo ng dalawang araw. Sinabihan sila ng mga katutubo doon na nilinlang sila ng kanilang mga gabay dahil hindi iyon ang daan patungong Paracale. Dahil dito, nagalit si Salcedo at bumalik sa Kamaynilaan kung saan mas kinakailangan ang kanyang tulong ukol sa ibang bagay na may kinalaman sa pagpapatakbo sa kolonya.⁵

³ Ang Morong, Rizal ang tinutukoy na Morōn dahil nahihirapan ang mga Espanyol sa pagbigkas ng *ng* at malapit din sa dalampasigan ng Lawa ng Bai ang lugar na ito.

⁴ de San Agustin, pah. 569.

⁵ *Ibid.*, pah 571.

Sa hindi binanggit na dahilan, hindi iniwan ni Salcedo ang ideya ng paghahanap sa mga minahan ng Paracale. Kaya naman noong Setyembre 1571, inayos ni Salcedo ang ikalawang ekspedisyong papuntang Paracale.⁶

Bumalik si Salcedo sa Bai at naghanap ng mga bagong gabay. Tumulak sila sa mahirap na daan patungo sa Paracale. Tinahak nila ang maraming mga ilog at kagubatan at kabundukan kung saan marami sa kanila ang nagkasakit at nagutom. Pagkatapos ng apat na araw, bumaba na sila sa kabundukan. Sa kanilang paglalakad, nakakita sila ng mga tila inabandonang pamayanan. Nakarating sa kanila na nakatakas na ang mga tao roon nang malaman ang kanilang pagdating.⁷

Nakarating sila sa bayan ng Mahapan na pinamumunuan ng isang Amundanao, na nakatakas din nang malaman ang kanilang pagdating. Pinayuhan sila ng isang katutubo na habulin si Amundanao dahil makakatulong siya di-umano sa paglalakbay patungong Paracale. Kumuha muli si Salcedo ng isa pang gabay para hanapin si Amundanao. Dinala ang pangkat sa isang ilog kung saan sumakay sila sa isang balsa at saka naabutan ang *parao* ni Amundanao.⁸

Nang madakip si Amundanao, kinaibigan siya ni Salcedo at pinakiusapang dalhin sila sa Paracale. Pumayag si Amundanao na dalhin sila sa pamayanan ng Alitas⁹ na may tatlong legua ang layo mula sa ilog na pinaghulihan sa kanya. Ngunit nagbalik muna sina Salcedo sa Mahapan habang inaayos ni Amundanao ang kanilang paglalakbay. Dito, dumaan sila sa isang bayan na wala na ring tao.¹⁰

⁶ *Ibid.*, pah. 575.

⁷ *Ibid.*, pah. 577.

⁸ *Ibid.*

⁹ Marahil ang Alitas ay nasa kasalukuyang bayan ng Infanta, Quezon dahil sa may ilog rito na ganito ang pangalan. Sa kasalukuyan, ang Alitas ay isang baranggay sa Infanta.

¹⁰ de San Agustin, pah. 577.

Sa Mahapan, dinagdagan din ang bilang ng kanilang mga sundalo. Nag-iwan si Salcedo ng mga tauhan sa Mahapan at saka tumulak papuntang Paracale. Nakaranas sila ng parehong kahirapan sa paglalakbay bagamat nakatahak sila ng mga ilog na mas madaling paglakbayan. Dito rin nabalitaan ni Salcedo na may isang isla na may importanteng pinuno na makakatulong sa pagsakop nila sa Paracale. Naintindihan ni Salcedo na haharapin nila ang mga katutubong handang makidigma pagdating nila sa Paracale.¹¹

Mula sa Alitas, tumulak sila papunta sa naturang isla na kanilang dinatnan na wala ring tao. Naglakbay pa sila at tumigil sa dalampasigan hanggang sa sinalubong sila ng bagyo at napilitang tumigil dito ng higit sa 30ng araw. Dahil dito, iniwan ni Salcedo ang mga may sakit niyang sundalo at kasama ang iba ay tumulak siya patungo sa kabundukan. Dito sila nakakita ng mga pamayanang inabandona, matapos ang tatlong araw na paglalakbay, kung saan nakakita sila ng mga kabahayang may mga kagamitan sa pagpoproseso ng ginto. Kinabukasan, sumalubong sa kanila ang maraming mga kaaway mula sa iba't ibang magkakatabing pamayanan. Isa na rito ang Paracale.¹²

Naganap ang mga labanan sa pagitan ng dalawa. Dahil may posibilidad na kontrolado ng mga katutubo ang karagatan, maaaring hindi na makatanggap pa ng tulong sina Salcedo mula sa ibang lugar. Ang ganitong tagilid na lagay ang nag-udyok kay Amundanao na kumampi sa kabilang partido. Kaya naman, mas minabuti ni Salcedo na maglakbay na lamang sa dagat.¹³

Dala ang kanyang mga sundalo, binaybay nila ang karagatan at nagpatigil-tigil sa mga pamayanang wala ring tao ngunit mapagkukunan ng pagkain. Nawalan si Salcedo ng isang bangka na inanod sa isang dalampasigan kung saan siya minsang tumigil. Dito niya binalak na lakarin na lamang ang Paracale.

¹¹ *Ibid.*, pah. 579.

¹² *Ibid.*

¹³ *Ibid.*, pah. 581.



Larawan 3

Ang halamang *Phyllanthus amarus* L. o “piapi” [<http://www.tradeindia.com/fp168469/Phyllanthus-Amarus.html>]

Naisip niya na wala na siyang katutubong maka-kasalubong sa daan dahil nakatakas na ang mga ito.¹⁴

Gayunpaman, nakabihag pa rin sila ng ilang katutubo na nagsabing armado at handa na ang mga taga-Paracale sa kanilang pagdating. Ikinuwento rin ng mga bihag ang tungkol sa mga gintong kayamanan ng mga taga-roon. Sa wakas, nakarating si Salcedo sa Paracale at kinaibigan ang mga dinatnang tao. Dahil sa sakit dulot ng maulan na panahon, nagpahinga siya ng dalawang araw kasama ang may mga sakit ding sundalo. Nakaranas sila ng mga paglusob ng mga katutubo. Hindi na rin nagalugad nina Salcedo ang iba pang mga pamayanan dahil sa kanyang kahinaan.¹⁵

Dahil sa natatagalan si Salcedo sa Paracale, ipinasundo siya ni Legazpi upang pabalikin sa Maynila. Dumating ang mga sugo ni Legazpi noong Disyembre ng taon ding iyon. Sa kabila nito, ipinagpatuloy pa rin ni Salcedo upang hanapin ang mga minahan. Enero noong sumunod na taon na siya nakabalik gamit ang ibang ruta. Nagbangka sila papuntang Piapi¹⁶ (*cf.* Larawan 3). Kaiba ang rutang ito sa unang dinaanan nila.¹⁷

¹⁴ *Ibid.*

¹⁵ *Ibid.*

¹⁶ Ang ilog ng Piapi ay matagpuan malapit sa Mauban. Ang “piapi,” *Phyllanthus amarus* L., ay isang uri ng halaman na tumutubo sa bakawan (*cf.* Larawan 3).

¹⁷ de San Agustin, pah. 581.

Si Salcedo at ang Matandang Lipunang Tagalog

Makikita sa paglalakbay ni Salcedo ang ilang mga mahahalagang puntos sa sinaunang pagkakaayos ng mga Tagalog na nakatira sa paligid ng Lawa ng Bai hanggang sa Pasipiko. Ipinakita sa salaysay sa itaas ang mga mahahalagang pamayanan na pinuntahan ni Salcedo tulad ng Cainta, Taytay, Bai, Majayjay at Paracale. Bagamat sa ating panahon hindi mga siyudad ang mga ito, lubos na pinatutunayan ng akda ni Gaspar de San Agustin (1998) ang kalakasan at kahalagahan ng mga pamayanang ito noon. Higit sa lahat, makikita ang pagtutulungan at relasyon ng iba pang mga maliit na pamayanan sa mga malalaking pamayanan na nabanggit.

Marahil naakit ang mga Espanyol sa kapangyarihang hawak ng mga pamayanan tulad ng Cainta at Bai. Pinatutunayan ito sa pagpapadala kay Salcedo mula sa Maynila. Binaybay nina Salcedo ang Pasig papunta sa Cainta kung saan napag-alaman niya na maraming mga mandirigma sa Cainta ang nagmula pa sa Taytay at iba pang malalapit na pamayanan. Makikita sa pagkahanda ng mga Pilipino ang dalawang bagay: ang malawak at mabilis na pagpasa ng impormasyon; at ang malawak at malakas na ugnayan ng mga pamayanan

Sinaunang Pulitikal na Ugnayan

Bago pa man makarating ang mga Espanyol sa Cainta, nabalitaan na ng mga tao roon ang pagkatalo ng Maynila. Napag-alaman din nila na sila na ang susunod na pupuntahan ng mga dayo. Nagkaroon pa sila ng sapat na panahon na ipaalam ang balita sa mga karatig na pamayanan at magplano ng kanilang depensa. Dahil dito, hindi naging madali para kina Salcedo na masukol ang Cainta. Nadatnan nila ang lugar na may mga matataas na pader na kawayan kaya hindi ito basta-basta malulusob.¹⁸

¹⁸ B & R, Tomo 3, pah. 158.

Ganito rin ang naging suliranin nila noon sa Bai. Ayon sa ulat nila sa Bai, ito raw ang pinakamalaki at mayamang pamayanan sa pampang ng Lawa ng Bai kung kaya dito ipinangalan ang lawa.¹⁹ Lumilitaw na pawang nakapunta na sa Bai ang mga mandirigma ng mga malalapit na pamayanan kaya naman hindi rin ito nasukol agad-agad.²⁰ Bagamat hindi isinaad sa ulat na matagal ang labanang naganap, mapapansin naman na may mga “paghihintay” na isinagawa sina Salcedo bago “tanggapin” ng mga taga-Bai ang kanilang “pakikipagkaibigan.” Malaki ang posibilidad na ang mga “paghihintay” na ito ay ang panahon ng pakikipaglaban nila sa mga taga-roon o kung hindi man ay paghihintay nila sa mga karagdagang mandirigmang manggagaling sa Maynila.

Ang Ilihan

Nabanggit sa itaas na pagkatapos masakop nina Salcedo ang Bai, nabalitaan nila ang tungkol sa Paracale, isang lugar na mapagkukunan ng ginto. Nang tinahak nila ang daan mula Bai papunta sa Paracale, idinaan sila ng kanilang mga gabay sa Majayjay.

Kagaya nang naranasan nila sa Cainta, dumating sila sa Majayjay at nadatnan ang isang mataas na lugar sa Bundok Banahaw na binabantayan ng marami at handa nang mga mandirigma. Sa ulat ng mga Espanyol sa pagsakop nila sa Majayjay, hindi maitago na naging matagal at mahaba ang isinagawang labanan. Bagamat sinabi nila na hindi ito naging madugo, isinulat naman nila na hindi sila makakapasok sa Majayjay kung hindi itinuro sa kanila ng isang gabay ang isang daanan na walang bantay.

Masasabi na ilihan ang Majayjay ng mga pamayanan sa Laguna. Ayon kay Salazar (1997), ang ilihan ay isang mataas na lugar na maaaring takbuhan ng mga Pilipino sa panahon ng labanan sa kanilang pamayanan. Tinatawag din itong ili, ijang o

¹⁹ de San Agustin, pah. 567.

²⁰ *Ibid.*

kuta. May mga ilihan na napapaligiran ng mga dingding na kahoy na proteksyon sa mga parating na kaaway. Dito lumilikas ang mga mamamayan dala-dala ang kanilang mga kayamanan at iba pang ari-arian. Kadalasan, may mga pagkain at bukal ng tubig na roon kaya maaaring tumigil dito nang matagal ang mga tao nang hindi magugutom.

Sa aming paglalakbay sa Majayjay noong Mayo 2009, napansin namin na may mga baitang-baitang na palayan malapit sa sentro ng bayan. May bukal rin doon na pinagmumulan ng tubig ng isang talon. Kung matanda na ang mga baitang-baitang na palayan, maaaring may kapasidad ang mga taga-Majayjay noon pa man na pakainin ang kanilang mga sarili kung sakaling tumagal ang labanan nila sa mga dayo.

Nabanggit na rin sa itaas ang maraming pagkakataon kung saan mga pamayanang wala nang naninirahan ang dinatnan nina Salcedo. Maaaring lumikas na ang mga tao roon patungo sa isang ilihan upang ipagtanggol ang kanilang mga sarili. Maging si Amundanao ay patakas na papunta sa isang mas ligtas na lugar nang mahuli ng mga Espanyol. Kaalaman na ng mga katutubong ito ang paglikas papunta sa isang lugar na kagaya ng Majayjay at Cainta. Sa mga pook na ito, na mataas at matarik, na may mga pader na kahoy, sandata, at sapat na pagkain at tubig, ay maaaring magsama-sama ang mga mamamayan sa iba't ibang pamayanan upang ipagtanggol ang kanilang mga sarili mula sa paparating na panganib. Samakatuwid, malaki ang posibilidad na binigyan sina Salcedo ng isang mabagsik na labanan, isang labanang naipanalo lamang nila dahil na rin sa tulong ng ilang mga katutubo.

Kadalasan hindi binabanggit sa mga opisyal na ulat ang bilang ng mga kasama nilang katutubong mandirigma sa labanan. Malimit isantabi ng mga Espanyol ang tulong ng mga kakamping katutubo. Maging sa pagsakop nila sa mga siyudad ng Timog Amerika, madalas na ipinapakita na natalo ng kakaunting Espanyol ang higit na nakararaming mga katutubo.

Totoong kakaunti ang mga Espanyol ngunit hindi nila binanggit ang tulong ng libu-libong mga Aztec kaya nila nakamit ang tagumpay. Maging ang mga esklabong Aprikano ay hindi rin nabigyan ng sapat na pagbanggit sa kanilang pagtulong sa pananakop ng Timog Amerika (Restall, 2003).

Sinasabing may isang daang sundalo ang dinala ni Salcedo upang masakop ang Cainta at tatlong araw silang naghintay bago lusubin ito.²¹ Malaki ang posibilidad na naghintay ang pangkat ni Salcedo ng karagdagang katutubong sundalo na kasama nila sa gagawing paglusob. Kung susuriin naman ang paglusob nila sa Majayjay, dahil sa taas ng kinalalagyan ng lugar at ang kapasidad nito na pakainin ang mga taong nagkukuta rito, hindi kaya ng ilang sundalong Espanyol ni Salcedo na sukulin ang mga nagtatanggol na katutubo. Kung titingnan ang kinalalagyan ng Majayjay, mapapansin na matarik ito at napaliligiran ng mga bangin. Ang mismong pag-akyat pa lamang dito ay isang nakakapagod at mahirap na gawain na. Kung idadagdag pa rito ang pakikipaglaban at ang mga patibong na inihanda ng mga katutubo, pawang imposible na maaabot ng mga Kastila ang ilihan. Ngunit kung may mga kasama si Salcedo na marunong sa mga daanan at pakikipaglaban sa basa, madulas at malintang kabundukan ng Timog Katagalugan, may laban ang kanyang koponan. Nabanggit na rin sa itaas na nakahanap sila ng isang lagusan papasok sa Majayjay na walang bantay sa tulong din ng isang katutubo. Samakatuwid, ang pagkasakop ni Salcedo sa Majayjay ay nagpapatunay lamang na may kasama siyang malakas na puwersang katutubo.

Idagdag pa rito ang mga kasama nilang libu-libong mga mandirigmang Ilonggo noong sinakop nina Legazpi ang Manila.²²

²¹ *B & R*, Tomo 3, pah. 159.

²² *B & R*, Tomo 3, pah. 74.

Kahalagahan ng mga Pook na Nabanggit

Bukod sa Cainta at Majayjay, may mga nabanggit pa na iba't ibang pook si de San Agustin (1998). Mapapansin sa paglalakbay ni Salcedo patungong Paracale ang lugar ng Morong. Noong 1582, ilang taon matapos mapabagsak ang Maynila, sinasabing mayroon itong 4,000ng residente. Bagamat *encomienda* na ang Morong, nakasaad pa rin na sa mga mabubundok na bahagi nito ay marami pang mga katutubo roon ang nakikidigma laban sa mga Espanyol.²³ Dito sa Morong nagkita sina Salcedo at ang mga karagdagang sundalo mula Maynila bago sila tumulak patungo sa Majayjay. 1615 pa lamang ay naipagawa na nila ang simbahang bato sa Morong.²⁴ Maaaring maaga ang pagsakop sa o pagkampi ng lugar na ito sa mga Kastila kaya nakagawa agad ng isang simbahang bato. Higit sa lahat, mayaman na ang pook noong ika-16 na dantaon pa lamang dahil sa nakalikom na agad sila ng salapi, lakas-paggawa at materyales para sa simbahan. Lubhang matagal ang paghihintay para sa mga kagamitan sa pagpapaggawa ng mga istrukturang bato noon dahil sa malaking salapi ang kinakailangan para sa pagbili ng mga materyales tulad ng bato at apog na nagmumula pa sa iba't ibang lugar sa bansa. Mahabang panahon din ang hinihintay sa pagdating ng mga materyales (Reyes, 2008).

Ang maagang pagkakampihan ng mga taga-Morong at Espanyol ang nagpaubaya kina Salcedo na makadaong doon. Kung titingnan sa mapa, higit na mas malapit ang Morong sa Silangang bahagi ng Laguna. Dito rin posibleng dumadaan ang mga sasakyang dagat dahil malapit ito sa kipot sa pagitan ng isla ng Talim. Gaya nang nabanggit sa itaas, marahil ay maaga ang pagkampi nito sa mga Espanyol kaya makakatakbo o makakapagpahinga rito ang mga Espanyol na patulak sa Silangang bahagi ng Luzon.

²³ *Ibid.*, Tomo 8, pah. 117.

²⁴ Mula sa: http://www.waypoints.ph/detail_gen.html? wpt=morningc. Inakses 2009.

Isa pang mahalagang pook ang Bai. Bukod sa pagiging pinakamalaking pamayanan sa lawa, ito rin ang lugar kung saan kumuha sina Salcedo ng gabay papunta sa Paracale. Mapapansin na iniligaw ng mga taga-Bai ang pangkat ni Salcedo. Habang nangyayari ito, kumakalat sa Timog Katagalugan ang balita na papunta na ang mga Espanyol sa Paracale. May posibilidad na malawak ang koneksyon ng Bai sa iba't ibang mga pook sa Laguna hanggang sa Paracale. Malawak ito dahil sa alam ng mga taga-Bai ang mga daanan papunta sa iba't ibang mga pook sa Laguna at Quezon. Maging ang pinunong si Amundanao sa Mahapan ay kilala nila at may kaalaman pa sila sa koneksyon nito sa Paracale.

Si Amundanao ang ginamit na koneksyon ng mga Espanyol sa Alitas na nasa Infanta, Quezon. Mula sa pampang ng Laguna, alam ni Amundanao ang papunta sa Alitas at kilala pa niya ang mga taong makakatulong kina Salcedo upang makapaglayag sila papunta sa Paracale. Makikita rin na kakampi pala ni Amundanao ang mga taga-Paracale dahil sa pagdating doon ay umanib siya sa mga taga-Paracale at iniwan sina Salcedo. Siya rin ang nagsabi na maghintay muna sina Salcedo bago maglayag. Maaaring taktika ito ni Amundanao upang makapaghanda ang mga taga-Paracale sa pagdating ng mga Espanyol at sa napipintong pagtatanggol ng kanilang mga minahan.


Maging ang Alitas at Piapi ay may kahalagahan din. Kung titingnan sa mapa, nasa tabing-dagat na ang Alitas at Piapi. Daungan ang mga lugar na ito kaya nagamit ng mga Espanyol. Dahil itinuro lamang ang mga lugar sa kanila, marahil ay ginagamit na ito ng mga katutubo noon pa man. Malaking kahinayangan na hindi nabanggit ng mga Espanyol kung saan sila dumaong sa Camarines Norte ngunit may malaking posibilidad na sa baybay ito ng Capalonga.

Kung titingnan, higit na mas magandang dumaong sa bayan ng Capalonga dahil may baybay ito na walang mga koral. Mahalaga sa baybay ang pagiging malalim at walang koral dahil sa hindi makakadaong ang mga bangka sa mga mababaw na

dalampasigan, lalo na kung ito ay may koral. Matatalas ang mga bato rito na makakabutas at makakagargas sa mga kahoy na bangka. Dahil dito, mas madaling dumaong sa mabuhangin na baybay ng Capalonga.

Sa kabilang dako naman, mapapansin na may mga pook na napatunayan nang may malalaking mga pamayanan, na hindi dinaanan ng mga Espanyol. Isang magandang halimbawa nito ang Pila. Ayon sa papel ni Tiongson sa aklat na ito, noon pa man ay naisulat na sa IBTL ang kahalagahan ng Pila sa Lawa ng Bai. Maging ang paghuhukay ni Tenazas (1968) sa Pila ay nagpapakita na noon pa mang Panahon ng Bakal, may mga naglibing na sa Pila mula sa isang lipunan. May mga naglibing din na may mga seramiks mula sa Tsina na nagpapakita ng kayamanan at kaugnayan ng mga tao doon. Gayunpaman, hindi dumaong ang pangkat ni Legazpi sa Pila.

Maraming dahilan ang maaaring maisip kung bakit hindi sila pumunta o nagbalak na sakupin ang Pila. Ngunit kung titingnan ang ginawang paglalakbay ni Salcedo, mapapansin na tatlong beses siyang nag-ikot sa Timog Katagalugan. Makikita na



Mapa

Ang tatlong ekspedisyon ni Juan de Salcedo. Ipinakikita ng luntiang linya ang una; at ng dilaw ang ikalawa. Kapwa ekspedisyon ay bigo. Ang pulang linya ay nagpapamalas sa ikatlo at huling paglalakbay ni Salcedo kung saan narating niya ang Paracale mula Mahapan.

may mga direktang daanan papunta sa Paracale. Hindi kaya umiwas ang pangkat sa ibang mga pamayanan? May posibilidad na sinadyang hindi daanan ang mga pook na ito. Maaaring hindi sila nakadaan sa Pila dahil sa panliligaw na ginawa ng mga katutubo. Maaari ring hindi na ito pinuntahan dahil sa hindi sila handa sa isa pang digmaan.

Kung iisipin, marami pang katanungan ang lumilitaw kaugnay ng mga mahahalagang pook na nabanggit sa ulat ng paglalakbay ni Salcedo patungong Paracale. Maraming mga lugar ang napatunayan na mahalaga. Nakita rin natin ang pakikidigma na isinasagawa ng mga katutubo. Ngunit marami pa ring dapat malaman. Magandang malaman halimbawa ang kahalagahan ng Alitas, Infanta at Piapi. Magandang malaman din kung bakit hindi na dinaanan pa nina Salcedo ang Pila na napatunayan nang mayaman at may malaking populasyon.

Sa muling pagtingin sa paglalakbay ni Salcedo, maaaring mas marami pang mga kaalaman ang maaaring makita.

Limitadong Pagbabasa

SANGGUNIAN

- Blair, E. H. & Robertson, J.A. (1903-1909). *The Philippine Islands 1493-1898*. 55 Tomo. Ohio, Cleveland: Arthur H. Clark.
- De San Agustin, G. (1698). *Conquistas de las Islas Filipinas*. Isinalin ni L. A. Maneru (1998). Manila: San Agustin Museum.
- Madulid, D. (2001). *A Dictionary of Philippine Plant Names*. Tomo 1. Manila: Bookmark Inc.
- Restall, M. (2003). *Seven Myths of the Spanish Conquest*. Oxford: Oxford University Press, pah. 45-46.
- Reyes, J. T. (2008). Mandirigmang Hubad: Isang Pag-aaral sa Sinaunang Pakikipaglabang Militar ng mga Pilipino ayon sa Kahalagahan ng Baluarte ng San Teodoro, Mindoro. Papel na ipinasa sa Arkeolohiya 207, Archaeological Studies Program, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.
- Salazar, Z. A. (1997). Ang Real ni Bonifacio bilang Teknikang Militar sa Kasaysayan ng Pilipinas. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*. Lathalain Blg. 1. Lunsod ng Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan.
- Villan, V. C. (2009). *Komunikasyong Personal*. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.